


Mga Tagapagmaneho, Subaybayan ang mga Naglalakad at Nagpapagulong!

Lahat naman tayo ay naglalakad o nagpapagulong paminsan-minsan.

Kapag sinusunod ng mga tagapagmaneho ang speed limit, kapag itinatabi nila ang mga phone nila, at nananatili silang naka-focus, nakakalikha tayo ng mas ligtas na kapaligiran para sa mga naglalakad/ nagpapagulong. Tandaan na puwedeng kasama sa mga naglalakad at nagpapagulong ang iyong mga mahal sa buhay, kaibigan, at miyembro ng komunidad.

Tingnan kung may mga Naglalakad/ Nagpapagulong



Maghandang Huminto



Magbigay para sa mga Naglalakad/ Nagpapagulong



Magmaneho nang Nasa Katinuan/Walang Sagabal



Magdahan-dahan



Tingnan kung may mga Naglalakad/Nagpapagulong

Palaging bigyang-pansin ang mga naglalakad/nagpapagulong, kahit na hindi mo sila inaasahan. Lalong maging mapagmasid sa gabi at sa taglamig kung kailan puwedeng mas mahirap makita ang mga naglalakad/nagpapagulong.



Maghandang Huminto



Magdahan-dahan at maghandang huminto kapag lumiliko o kaya naman ay dumadaan sa tawiran. Lalong mag-ingat kapag lumiliko sa kanan nang nakapula ang ilaw at tandaang tumingin sa kaliwa **AT** kanan bago lumiko.

Magbigay para sa mga Naglalakad/Nagpapagulong

Magbigay para sa mga naglalakad/nagpapagulong at huminto nang maayos at sapat mula sa tawiran upang makita ng iba pang mga sasakyan ang mga tumatawid na naglalakad/nagpapagulong at makahinto rin sila. Tandaan na ang lahat ng panulukan ay posibleng magsilbing tawiran para sa mga naglalakad/nagpapagulong, kahit na walang palatandaan ang mga ito.



Magmaneho nang Nasa Katinuan/Walang Sagabal



- Huwag magmaneho kailanman kapag nasa impluwensiya ng alak o gamot.
- Huwag hayaang magambala ka ng phone mo o ng iba pang mga bagay sa paligid mo habang nagmamaneho.

Magdahan-dahan

Sundin ang speed limit, lalo na kapag may mga tao sa paligid, sa mga paaralan, at sa mga kapitbahayan kung saan may mga bata. Lalong mag-ingat kapag umaatras at tingnan kung may mga naglalakad/nagpapagulong.

